

**OPISINA PARA SA PABAHAY AT PAGPAPAUNLAD SA
KOMUNIDAD (OFFICE OF HOUSING
AND COMMUNITY DEVELOPMENT) NG MAYOR
LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO**



London N. Breed
Mayor (Alkalde)

Kate Hartley
Director (Direktor)

MGA MATALAS ITANONG

**2018 Mga Programa para sa Pagmamay-ari ng Bahay (Homeownership Programs) ng Opisina ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Office of Housing and Community Development) ng Mayor
Pagmomonitor o Pagsubaybay sa Pagsunod sa mga itinatakda**

1. Paano ipinatutupad ang proseso para sa pagkuha ng 2018 Sertipikasyon ng Pagtira sa Tahanan (Occupancy Certification)?

Nagmomonitor ang Opisina ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng Mayor upang matiyak na nananatiling mga may-ari at siya ring naninirahan (owner-occupants) ang mga tumanggap ng pautang, at mayroon pa rin silang homeowner's insurance policy (polisiya sa seguro ng may-ari ng tahanan) sa kasalukuyan. Isinasagawa ng MOHCD taon-taon ang pagbibigay ng mga sertipikasyong ito. Ngayong taon na ito, ipadadala ang mga sulat para sa pagbibigay-sertipikasyon sa pamamagitan ng koreo sa Setyembre 7, 2018, at kailangan kayong magbigay ng mga sagot bago sumapit ang Oktubre 5, 2018. Pag-aaralan ng MOHCD ang impormasyong isusumite ninyo at kokontakin lamang kayo kung kailangan ng karagdagang impormasyon.

2. Saan ako makahahanap ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagmomonitor?

- May impormasyon tungkol sa pagmomonitor at kopya ng mga kinakailangang form sa website ng MOHCD. Mangyaring bisitahin ang <http://sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring>
- Sesyon para sa Pagbibigay-Impormasyon

Opisina ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Office of Housing and Community Development) ng Mayor
1 South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103
Setyembre 19, 2018, Room 5080
6pm hanggang 7pm
Mag-RSVP (sabihin kung dadalo) sa (415) 701-5622 o mohcd.compliance@sfgov.org

Sa kasamaang palad, dahil napakarami ng mga isinusumite sa amin, hindi kaya ng MOHCD na harapin ang mga bumibisita nang personal para magtanong sa aming opisina.

2018; iwan ang inyong pangalan, bilang ng mga dadalo, at ang numero kung saan kayo puwedeng tawagan

3. Paano ko maisusumite ang aking impormasyon?

- Kumpletuhin at pirmahan ang Occupancy Certification Form (Form para sa Pagbibigay ng Sertipikasyon ng Pagtira sa Tahanan).
- I-scan ang nakumpleto nangform at mga kinakailangang dokumento sa **iisang** PDF na dokumento.
- Bigyan ng pangalan ang inyong PDF na dokumento sa pamamagitan ng pangalan ng inyong kalye, numero ng tahanan sa kalye, at numero ng unit (kung naaangkop).
 - Halimbawa, kung ang inyong address ay 2103 Market, unit 301.
 - Papangalanan ninyo ang file na "Market 2103 unit 301" o "Market 2103" kung walang numero ng unit.
- Isumite ang inyong PDF na dokumento sa website ng MOHCD sa: www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring Magbibigay ng mga direksiyon kapag binuksan ninyo ang link.

4. Kailangan ko bang isumite ang lahat ng dokumentasyon nang sabay-sabay?

Oo! Nakatatanggap ang MOHCD ng daan-daang pagsusumite sa loob ng maikling panahon, at kapag hiwalay ninyong ipinadala ang mga dokumento, ipo-proseso pa ang mga ito, at kailangan pang humiling ang MOHCD ng karagdagang dokumentasyon. Sa pamamagitan ng magkakasabay na pagsusumite ng mga dokumento, matitiyak na tama at agad na makukumpleto ang pagsusuri sa inyong aplikasyon. Bukod rito, pakisumite ang lahat ng hinihiling na dokumento. Kapag hindi ninyo naisumite ang anumang dokumentong nakalista, hindi na ninyo nasusunod ang mga patakaran para sa inyong utang. Pakitingnan ang tanong 3 upang malaman kung paano maisusumite ang inyong impormasyon sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng internet.

Para matiyak na kumpleto ang inyong sagot:

- Kumpletong sagutan ang form para sa pagbibigay ng sertipikasyon;
- Papirmahin ang lahat ng may-ari na nasa titulo sa form para sa pagbibigay ng sertipikasyon;
- Tiyakin na malinaw na naipapakita ang inyong pangalan at address ng mga dokumentong nagbibigay-suporta, kagaya ng inyong Driver's License (lisensiya sa pagmamaneho) o Identification Card (card na nagpapatunay ng identidad) ng California, mga statement mula sa PG&E, deklarasyon ng seguro, at buwis para sa ari-arian (property taxes);
- Tiyakin na inilista ng inyong deklarasyon ang MOHCD bilang loss payee o ang babayaran sakaling magkaroon ng pinsala sa tahanan (tingnan ang tanong 11);
- Kailangang may petsa ang mga statement na nasa loob ng 60 araw bago ang aplikasyon; at
- Isumite ang lahat ng pahina ng mga hinihiling na dokumento.
- Para sa mga kalahok sa Teacher Next Door at Police in the Community, magsumite ng kopya ng inyong pinakabagong paystub (rekord ng suweldo).

Kailangang malinaw at nababasa ang lahat ng kopyang isusumite sa MOHCD. Hindi tatanggapin ang malalabong kopya kung saan nabago (nabura, nakulisan, natakpan, namarkahan) ang impormasyon.

HINDI tatanggapin ang pagpapalit ng ibang uri ng dokumento sa halip ng hinihiling na impormasyon.

5. Paano ako makakukuha ng form para sa pagbibigay ng sertipikasyon kung nawala ko ang aking kopya?

Puwede kayong mag-download ng kopya ng form para sa pagbibigay ng sertipikasyon sa website ng MOHCD na nasa www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring.

6. Paano ako makakukuha ng isa pang form o masusumite ang aking mga dokumento para sa sertipikasyon kung hindi ako makagamit ng internet?

Kung hindi kayo makagamit ng internet at kailangan ninyo ng kopya ng form para sa pagbibigay ng sertipikasyon, puwede kayong mag-email o tumawag sa MOHCD para humiling ng mga form. Nakalista ang email address at numero sa pagtawag sa dulo ng dokumentong ito. Tiyaking mag-iiwan/magbibigay kayo ng detalyadong mensahe na humihiling na ipadala sa inyo ang mga form. Puwede rin kayong pumunta sa MOHCD para mag-pick up o mag-drop off ng dokumentasyon, pero pakitandaan na hindi kayang tumanggap ng MOHCD ng mga bisita na walang naka-iskedyul na appointment. Nakalista ang address at numero sa pagtawag sa dulo ng dokumentong ito.

7. Naisumite ko na ang aking 2018 na mga dokumento para sa pagbibigay ng sertipikasyon pero hindi pa komokontak sa akin ang MOHCD. Kailan ko maaasahan ang kanilang pagkontak?

Hindi kokontakin ng MOHCD ang mga may-ari ng tahanan na nakumpleto na ang kanilang sertipikasyon para sa taon, maliban na lamang kung may mga tanong kami, o kailangan namin ng iba pang dokumentasyon ukol sa inyong occupancy certification. Kung walang balita, mabuting balita ito!

8. Ano ang dapat kong gawin kung pinauupahan ko ang pag-aari kong tahanan?

ITIGIL ITO. Kung pinauupahan na ninyo ang pag-aaring tahanan, pakikontak agad ang MOHCD. Kailangang gumawa kayo ng plano para makabalik agad sa pag-aaring tahanan o bayaran na ang inutang. Makikipag-trabaho sa inyo ang MOHCD para makagawa ng makatuwirang iskedyul upang muli nang nakasusunod ang inyong pag-aaring tahanan sa mga patakaran. Pakikontak ang MOHCD para sa iba pang tanong.

9. Paano kung wala akong hawak na mga singil mula sa PG&E?

Pakikontak ang Pacific Gas and Electric Company (PG&E) sa 1-877-660-6789 o bisitahin ang www.pge.com upang makapagparehistro para sa online account at makahiling ng mga kopya.

10. Paano ako makakukuha ng kopya ng Homeowner Insurance Policy kung wala ako nito?

Tawagan ang kompanya para sa homeowner's insurance upang humingi ng kopya ng Declaration Page (pahina ng deklarasyon) ng inyong Homeowner's Insurance. Itinatakda namin ang pagbibigay ng kopya ng declaration page bilang bahagi ng inyong mga isinusumite noon pa man.

Nagmamay-ari man kayo ng single family home (bahay at lupa) o condominium, mahalagang mayroon kayo laging pagkakasakop ng seguro para loob at labas ng inyong tahanan. Itinatakda ng mga mortgage company (nagpapautang para sa pagbili ng bahay) na laging mayroon kayong sapat na pagkakasakop para sa inyong tahanan, at nang maprotektahan ang interes kapwa ng bangko at ng may-ari ng tahanan, sakaling magkaroon ng sakuna, kagaya ng sunog. Pinoprotektahan ng seguro ang inyong tahanan, mga personal na pag-aari, hindi nakakabit na istruktura, personal na pananagutan, medikal na gastos, at benepisyo para sa pagkawala ng paggamit sa tahanan (loss of use benefit).

12. Paano ko mairaragdag ang MOHCD sa aking polisiya para sa homeowner's insurance bilang loss payee (siyang babayaran) o karagdagang naka-seguro?

Kontakin ang inyong provider (tagabigay ng serbisyo) para sa seguro at hilinging idagdag ang MOHCD bilang "karagdagang naka-seguro" o "loss payee" sa ilalim ng inyong polisiya. Dapat pamilyar na ang iyong ahente ng seguro sa ganitong gawi. Karawaniwang hindi sumisingil ng bayad ang provider ng seguro para sa pagdaragdag ng nagpautang (lender) bilang dagdag na naka-seguro. Bilang nagpapautang para sa pag-aaring tahanan, kailangang naka-seguro ang MOHCD bilang inyong unang mortgage lender (pinagkakasanlaang nagpautang).

Mangyaring hilingin na idagdag ang MOHCD, ayon sa sumusunod na pahayag:

**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO, MAYOR'S OFFICE OF HOUSING AND COMMUNITY DEVELOPMENT, ITS SUCCESSORS AND/OR ASSIGNS (ISAOA)
1 SOUTH VAN NESS AVENUE, 5TH FLOOR
SAN FRANCISCO, CA 94103**

13. Kapag nagpupunta ako online para kunin ang aking impormasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis sa ari-arian (property tax), hindi ito nagtataglay ng aking pangalan at address para sa pagpapadala ng sulat sa koreo.

Ayon sa batas ng Estado ng California (AB2238), hindi na lalabas ang pangalan ng property owner (nagmamay-ari ng lupa o tahanan) at ang address nito para sa pagpapadala ng sulat sa koreo, sa internet na bersiyon ng inyong singil para sa buwis sa ari-arian. Kailangang kontakin ninyo ang Tesorero at Tagakolekta ng Buwis (Treasurer and Tax Collector) o tawagan ang Taxpayer Assistance (Pagtulong sa Nagbabayad ng Buwis), na helpline o linya sa paghingi ng tulong, sa 415.554.4400, at nang makakuha ng opisyal na kopya na may pangalan ng may-ari ng bahay at ng address nito para sa pagpapadala ng sulat.

14. Paano ko makokontak ang Pangkat para sa Pagtiyak ng Pagsunod sa mga Patakaran (Compliance Team) ng MOHCD?

Mangyaring personal na makipagkita sa amin sa sesyon para sa pagbibigay ng impormasyon sa Setyembre 19, 2018. Hinihiling namin na mag-RSVP kayo (sabihing dadalo) sa pamamagitan ng pag-iwan ng mensahe sa isa sa mga numerong nakalista sa ibaba bago sumapit ang Setyembre 14, 2018. Tiyaking mag-iwan kayo ng pangalan, bilang ng dadalo, at numero kung saan kayo matatawagan. Puwede rin kayong mag-email o tumawag sa amin; nakalista ang email address at numero sa pagtawag sa dulo ng dokumentong ito. Mangyaring maghintay nang 5 o higit pang araw ng trabaho para sa aming pagsagot sa mga email at tawag sa telepono. Dahil napakarami ng mga isinusumite sa amin, **hindi** kaya ng MOHCD ang pagharap sa mga personal na pagbisita para magtanong sa aming opisina.

Bisitahin ang aming website:	Padalhan kami ng email:	Mag-RSVP (magsabi kung darating) o Mag-iwan ng mensahe:	Padalhan kami ng sulat:
www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring	mohcd.compliance@sfgov.org	Ingles (415) 701-5622 Filipino (415) 701-5570 中文 (415) 701-5623 Espanyol (415) 701-5624	Mayor's Office of Housing and Community Development 1 South Van Ness Ave., 5th Floor San Francisco, CA 94103 Att: MOHCD Compliance

I-upload ang iyong PDF sa Homeownership Monitoring folder. Hihilingin sa iyo ng Sharefile na lumikha ng isang account.

<https://sfgov.sharefile.com/r-r5a2ee6d527b41c1a>

Ito ang ginustong pamamaraan, at pinaka-secure na paraan upang isumite ang iyong dokumento sa MOHCD.